

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Tuklasin ang kuwento sa likod ng bawat pintuan sa ikalawang taon ng Digital Doors Open Brampton**

BRAMPTON, ON (Setyembre 23, 2021) – Mula Setyembre 27 hanggang Oktubre 31 ang mga residente at mga bisita ay makakaranas sa kasaysayan, heritage at unique na mga kultural na lugar ng Brampton mula sa ginhawa ng kanilang sariling mga tahanan, para sa ikalawang taon ng Digital Doors Open.

Lumahok sa mga birtwal na tour, mga video at mga litrato sa higit sa 20 lokasyon sa Brampton na nagpapakita sa mayamang heritage nito at luntiang mga espasyo nitong pambuong lalawigan na event. Bago sa taon na ito, ang mga lokasyon ay magha-highlight sa mga gusali na may luntiang mga inisyatiba, mga trail, parke, beach, lawa, mga conservation area at luntiang mga kapitbahayan sa buong Brampton. Tuklasin ang pinaka-magandang lugar para mag-enjoy sa mga kulay sa taglagas at makibahagi sa mga birtwal na tour mula sa 2021 Nurturing Neighbourhoods program.

Para sa kumpletong karanasan, bisitahin ang [brampton.ca/doorsopen](https://brampton.ca/doorsopen)

Ang Ontario Heritage Trust ay nakikipagtulungan sa mga komunidad sa buong lalawigan para buksan ang mga pintuan, mga gate at mga courtyard ng kanilang natatangi at pinaka-kaaya-ayang kultural na mga lugar para masasaliksik ninyo ang mga kuwento sa loob. Para sa mga detalye, bisitahin ang [doorsopenontario.on.ca](https://doorsopenontario.on.ca).

### **Mga Quote**

“Ang Brampton ay isang Mosaic na may mayaman, kultural na heritage at hinihikayat ko ang lahat na mag-tour sa mga espasyong ito para sa ikalawang taon ng Digital Doors Open. Ang online na event na ito ay nagbibigay sa inyo ng pagkakataon na bisitahin ang pinakamamahal na mga espasyo ng Brampton mula sa ginhawa ng inyong sariling tahanan.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Digital Doors Open ay nag-aalok ng karanasan na walang katulad, nagbibigay sa mga tao ng pagkakataon na saliksikin ang mga espasyo sa Brampton at sa buong lalawigan. Tiyakin na bisitahin ang aming online hub ng mga tour, mga video at mga litrato ng ilan sa pinaka-interesting na mga lokasyon sa Brampton, hina-highlight ang aming mga luntiang inisyatiba at mga outdoor na espasyo.”

- *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10, Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang staff ng Brampton ay lumikha ng napakahusay na online na karanasan para sa ikalawang taon ng Digital Doors Open Brampton. Ipagdiwang ang mayamang kasaysayan ng lungsod at magandang mga

outdoor na espasyo, at tingnan ang mga espasyo sa loob na hindi pa ninyo nakita. Ang birtwal na event na ayaw ninyong makaligtaan!”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIA**

Prabhjot Kainth  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Prabhjot.Kainth@brampton.ca](mailto:Prabhjot.Kainth@brampton.ca)